Government of JERSEY

# Inyong mga karapatan bilang isang manggagawang nagtatrabaho sa Jersey

Napakagandang lugar na pagtrabahuan ang Jersey, at ang iyong kalusugan, iyong kaligtasan at iyong mga ligal na karapatan ay lahat protektado.

Naglalaman ang leaflet na ito ng impormasyon tungkol sa tulong at pagpapayo na maaari mong magamit, kung mayroon kang suliranin.

Kung sa tingin mo ikaw ay tinatratong masama, impormal na makipag-usap sa iyong employer upang masabi sa kanila kung ano ang masama, at kung ano sa tingin mo kung paano ito mapapabuti.

Kung hindi bubuti ang sitwasyon, iyon ay maaari ka nang magsagawa ng pormal na reklamo.

Kabilang sa leaflet na ito ang mga detalye ng organisasyon na tutulong sa iyo nang libre, at nang hindi ipinapaalam sa iyong employer.

## Iyong mga Karapatan

Ayon sa batas, kailangan ibigay sa iyo ng employer ang:

- isang nakasulat na kontrata sa loob ng 28 araw matapos mo magsimulang magtrabaho: ano man ang iyong kontrata sa empleyo, kailangan ay mabigyan ka nitong pahayag ng paunang mga termino sa empleyo.
- mahigit na £10.50 kada oras (2023 rate ng 'minimum wage' ['pinakamababang sahod'])
- mga payslip (isang piraso ng papel na nagpapakita kung ano ang ibinayad sa iyo, at anumang mga kabawasan ng iyong employer, kabilang ang dahilan kung bakit sila isinagawa)
- isang tuloy-tuloy na pahinga nang
- 20 minuto kada araw kung ikaw ay magtatrabaho nang lampas 6 na oras sa araw na iyon
- 24 oras sa anumang pitong araw na yugto ng trabaho
- 3 linggo na may bayad sa holiday sa buong taon (ito ay magiging mas mababa kung ang iyong trabaho ay mas mababa sa isang taon)
- isang patas na pagkakataon upang mabago ang mga termino ng iyong empleyo kung kailangan

Kung ikaw ay binabayaran ng minimum wage rate na £10.50 kada oras (2023 rate), at ikaw ay mayroong akomodasyon o pagkain sa iyong trabaho bilang bahagi ng iyong kontrata sa empleyo, maaari kang singilin ng iyong employer sa pinakamataas na:

- £115.00 kada linggo (para sa akomodasyon lamang)
- £153.28 kada linggo (para sa pagkain + akomodasyon)

### Ikaw ay may karapatan na hindi tanggalin nang di-tama sa iyong trabaho.

Kung ikaw ay nakapagtrabaho na sa iyong employer nang lampas sa 52 na linggo, kailangan bigyan ka ng sapat na dahilan na gawing redundant. Kung wala pang 52 linggo ang iyong pagtatrabaho, maaari kang humiling ng unfair dismissal sa ilang mga pagkakataon, kabilang ang:

- Kung ikaw ay magrereklamo na ang iyong employer ay hindi nagbigay sa iyo ng nakasulat na kontrata at ikaw ay kanilang tinanggal dahil sa paggawa ng reklamong ito
- Kung ikaw ay sumali sa isang trade union at tinanggal ka ng iyong employer dahil dito o sa pakikibahagi sa mga gawain ng isang trade union

### Ikaw ay may karapatang tratuhing hindi naiiba sa trabaho dahil sa mga protektadong katangian na ito:

- lahi (iyong nationality, ang kulay ng iyong balat o lahi)
- edad
- kasarian (lalaki, babae atbp.)
- oryentasyong sekswal (bakla, tomboy, atbp.)
- re-assignment ng kasarian (isang tao na transgendered)
- pagbubuntis at maternity
- kapansanan (kung ikaw ay gumagamit ng isang wheelchair, isang tao na may kahirapan sa pagkatuto, atbp.)

### Ikaw ay may karapatang magtrabaho sa isang lugar na ligtas

Hindi inaasahan na magtrabaho ka kung ang iyong trabahuan ay hindi ligtas. Kung ikaw ay may mga suliranin na ang iyong trabahuan ay maaaring hindi ligtas, ikaw ay maaaring makipag-ugnayan sa Health and Safety Inspectorate [Inspekstor sa Kalusugan at Kaligtasan] sa 01534 447300 o **hsi@gov.je**

## Pagkakaroon ng iyong pabatid

Kailangan mong makatanggap ng pinakamababang panahong ng pabatid (na kung saan ikaw ay nagtatrabaho at binabayaran) kung nais ng iyong employer na tumigil ka sa pagtatrabaho sa kanila:

Healthcare sa Jersey

| Duração do contrato de trabalho | Período de pré-aviso |
|---|---|
| Inferior a 2 anos | Pré-aviso de 1 semana |
| 2-3 anos | Pré-aviso de 2 semanas |
| Superior a 3 anos | Pré-aviso extra de 1 semana por ano de serviço contínuo, até um máximo de 12 semanas |

Maaaring kailangan mo rin maglaan ng pabatid sa iyong employer kung nais mo na lumisan, depende sa iyong kontrata.

Kung ikaw ay nakapagtrabaho na sa iyong employer nang 2 taon o higit pa, at nawalan ka ng trabaho dahil sa redundancy, ikaw ay may karapatan para sa kabayaran sa redundancy. Sakop nito ang lahat ng mga manggagawa, anumang uri ng kontrata sa empleyo na mayroon sila. Ang nasa batas na pinakamababang kabayaran sa redundancy ay isang linggo na kabayaran para sa bawat taon ng empleyo.

## Healthcare sa Jersey

### Aksidente at Emergency

Kung kailangan mo ng ambulansya, tumawag sa 999 o 112.

Ang Emergency Department [Departamento sa Emergencyt] ng Jersey ay nasa Parade, St Helier at bukas 24 oras kada araw, araw-araw ng taon. Walang bayad ang pangangalaga sa emergency, ngunit kailangan mong bayaran ang ibang mga serbisyo sa ospital.

### Kalusugan sa pag-iisip

Kung ikaw ay nasa krisis sa kalusugan sa pag-iisip, tumawag sa 01534 445290.

Walang bayad at magagamit ang Mental Health Crisis Assessment Team [Hanay ng Pagsusuri sa Kalusugan sa Pag-iisip] nang 24 oras kada araw, araw-araw ng taon.

### Mga General Practitioner at Parmasya

Maaari kang makakita ng isang listahan ng mga GP sa Jersey Online Directory (**www.jod.je**)

Ang mga General Practice at parmasya ay mga pribadong negosyo at nagpapasya kung magkano ang kanilang singil para sa kanilang mga serbisyo. Tanungin ang iyong GP tungkol sa mga bayarin na kanilang sisingilin upang malaman mo ang gatusin ng pangangalaga at anumang mga karagdagang singil (tulad ng mga pagsusuri sa dugo).

Matapos mong magtrabaho sa Jersey, at nagbayad ng mga kontribusyon sa Social Security nang anim na buwan, ikaw ay may karapatan sa mga subsidiya mula sa Health Insurance Fund [Pondo ng Pasiguro sa Kalusugan]. Sakop ng subsidiya ang mga kabataan (sa ilalim ng 16) sa tahanan din, at kabilang ang:

- isang mababang singil para sa isang konsultasyon sa GP
- libreng reseta sa mga medisina
- libreng mga bakuna sa trangkaso para sa mga high-risk na grupo
- libreng cervical screening (isang smear test para sa kababaihan at transmen)

### Hindi emergency na paggamot sa ospital

Para sa mga hindi emergency, mag-book ng isang appointment sa inyong GP.

Kung isasangguni ka ng iyong GP para sa hindi emergency na paggamot sa ospital, maaaring kailangan mong magbayad, kahit na walang bayad ang hindi emergency na paggamot sa mga manggagawa na nagtatrabaho sa Jersey nang:

- 6 na buwan kaagad bago humiling na paggamot o
- mahigit 6 na buwan kasunod ng anumang oras sa loob ng huling 3 taon.
- Sakop nito ang mga kabataan (sa ilalim ng 18) at mga asawa rin.

Naglalaan din ang Gobyerno ng hindi emergency na paggamot nang libre sa mga manggagawa na mayroong isang estado na 'lisensyado' mula sa araw na sila ay nagtrabaho.

## Pagmamaneho sa Jersey

Kailangan mong makakuha ng lisensya sa pagmamaneho na ipinagkaloob ng Jersey kung ikaw ay nagtatrabaho sa Jersey nang 12 buwan o mas matagal pa at nagpaplanong magmaneho sa Isla.

May bisa ang lisensya sa pagmamaneho mula sa ilang mga bansa, at maaaring palitan para sa lisensya sa Jersey, ngunit hindi ito ang kaso para sa lahat ng lisensya. Dapat kang makipag-ugnayan sa:

- parish hall sa parokya na kung saan ka nakatira (magtungo sa **www.comite.je** para sa mga detalye)
- Mga Pamantayan sa Drayber at Sasakyan (**gotogov.je** search DVS)

## Maswali yanayoulizwa mara kwa mara

*Q. Ako ay mayroong work permit na hindi pa napapaso ngunit ganap nang nasira ang aking relasyon sa aking employer. Maaari ba akong magpalit ng mga employer nang hindi lumilisan ng isla?*

A. Sa ilalim ng patakaran ng work permit ng Jersey hindi ka maaaring magpalit ng ibang employer maliban kung natapos mo na ang tuloy-tuloy na 12-buwang yugto ng empleyo sa iyong kasalukuyang employer. Sa mga eksepsyunal na mga pagkakataon maaari kang lumipat ng employer kung mayroong mga makatuwirang dahilan upang gawin ito.

*Q. Ano ang maaari kong gawin kung hawak ng aking employer ang aking pasaporte at tumatangging ibalik ito?*

A. Walang ligal na basehan para sa iyong employer na itago ang iyong pasaporte. Kung ikaw ay nababahala, dapat kang humingi ng payo mula sa Citizens Advice [Pagpapayo ng Mamamayan]. Dapat ka rin makipag-ugnayan sa imigrasyon kung hinahawakan ng iyong employer ang iyong pasaporte at tumatangging ibalik ito – **immigration@gov.je**

*Q. Gaano kalaking pera ang maaaring kunin ng aking employer para sa byahe papunta/pabalik mula Jersey?*

A. Nasa sa iyo na makipagkasundo sa iyong employer tungkol sa gastusin sa byahe papunta at pabalik mula Jersey. Kailangang mapagkasunduan ninyo ito nang nakasulat kasama ang iyong potensyal na employer bago kayo mag-book ng mga ticket o maglakbay papuntang Jersey.

*Q. Ano ang limitasyon sa oras sa pag-isyu ng reklamo sa Employment & Discrimination Tribunal [Tibunal ng Empleyo & Diskriminasyon]?*

A. Karamihan ng mga reklamo (kabilang ang di-wastong pagtanggal at diskriminasyon) ay dapat matanggap ng Tribunal sa loob ng 8 linggo ng petsa ng pagtatapos ng iyong empleyo o petsa ng pangyayari ng insidente na tungkol sa iyong reklamo. Maaari kang makakuha ng karagdagang impormasyon mula sa Tribunal – ipinapakita sa ibaba ang mga detalye sa pakikipag-ugnayan.

## Mga detalye sa pakikipag-ugnayan

Kung ikaw ay nangangamba tungkol sa anumang aspeto ng iyong empleyo, maaari kang makakuha ng tulong at payo mula sa ilang mga organisasyon.

Wala sa mga organisasyong ito ang makikipag-ugnayan sa iyong employer o mga awtoridad nang wala ang iyong permiso.

Pananatiliin nilang kompidensyal ang iyong tanong.

Walang bayad ang payo na kanilang ibibigay.

**Jersey Advisory & Conciliation Service**
3rd Floor, 1 Seale Street, St Helier,
Jersey JE2 3QG
01534 730503 or **www.jacs.org.je**

**Citizens Advice Jersey**
St Paul's Centre, New Street, St Helier,
Jersey JE2 3PW
01534 724942
**www.citizensadvice.je/category/employment**

**Friends of Africa**
www.foajersey.org.je

**Trade Union representative**
Unite the Union, 7D Spectrum, Gloucester Street,
St Helier, Jersey, JE2 3DA
01534 872584 or **Jersey@unitetheunion.org**

**Jersey Employment and Discrimination Tribunal**
1st Floor, International House, 41 The Parade,
St Helier, Jersey JE2 3QQ
01534 441380
**registrartribunalservice@courts.je**

**Jersey Customs and Immigration Service (JCIS)**
01534 448000
**immigration@gov.je**

**Customer and Local Services (CLS)**
01534 444444
**customerservice@gov.je**

**Honorary Consulate of Portugal**
Burlington House, St Saviour's Road, St Helier,
Jersey JE2 4LA
01534 877188
**consuladoportugaljersey@hotmail.com**

**Jersey International Cultural Centre**
Jersey Library, Halkette Place, St Helier,
Jersey, JE2 4WH
01534 448713
**icc@gov.je**